THE TAMARAO JOURNAL

## WHAT'S INSIDE?

3 SURVIVAL AND RECOVERY (SURE) ASSISTANCE PROGRAM PARA SA MGA MANGINGISDANG CALAPEÑO

VOLUME 3 No. 01 | Nov. 13, 2023 - Nov. 19, 2023

# DISTRIBUSYON NG HYBRID SEEDS PARA SA MGA MAGSASAKA NG LUNGSOD NG CALAPAN, PINANGUNAHAN NG MAYOR NG CALAPAN



BILANG pakikiisa sa aktibidad, pinangunahan ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, kasama si City Councilor Atty. Jel Magsuci ang isinagawang "Hybrid Seeds Distribution" sa ilalim ng inilunsad na Masagana Rice Industry Development Program, para sa mga magsasaka ng Lungsod ng Calapan, ginanap sa Barangay Panggalaan Covered Court noong ika-16 ng Nobyembre.

Dito ay nakadaupang-palad ng Punong Lungsod sina Panggalaan Farmers Association President Mr. Marcelo Belda at Agricultural Technician Mr. Constantine M. Bumohya, gayundin ang mga opisyal at benepisyaryong magsasaka na mula sa Barangay Panggalaan, Bucayao, at Buhuan.

Mahigit sa isandaa't isang (101) bags ng 15kg na hybrid na binhi ang ipinagkaloob sa mga nasabing magsasaka ng Brgy. Panggalaan na nakadepende sa bilang ng kanilang hektaryang palayan, kung saan ito ay kaloob ng Department of Agriculture – MIMAROPA, katuwang ang Pamahalaang Lungsod ng Calapan sa pamamagitan ng Calapan City Agricultural Services Department na pinamamahalaan ni City Agriculturalist, Ms. Lorelein V. Sevilla.

Samantalang nakatanggap naman ng isandaang (100) bags ng nasabing binhi ang mga magsasaka na mula sa Brgy. Bucayao at dalawandaang (200) bags naman sa Brgy. Buhuan.

Dagdag pa rito, pinuntahan din ni Mayor Morillo ang mga kasapi ng Bayanan II Farmers Association na pinamumunuan ng Pangulo nito na si Mr. Edgar C. Balmers, kung saan dalawangdaang (200) bags ng hybrid seeds naman ang ipinamahagi rito na may variety na SL19-H at LP-2096 (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).





THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM






TINGNAN: Napasaya, napaindak at naipadama ang sakripisyo ng pagmamahal sa mga awiting madamdaming inawit ng Ben&Ben sa pinaleng araw ng pagdiriwang ng ika-73rd Founding Anniversary ng Oriental Mindoro na tampok sa Gabi ng Pagdiriwang handog ni Gobernador Bonz Dolor sa mamamayang Mindoreno partikular sa mga kabataan. Bagama't hindi mahulugan ng karayom sa dami ng manonood na dumagsa sa loob ng Kapitolyo, kasiyahan naman ang naging baon nila sa paglabas dito at pag-uwi sa kani-kanilang tahanan.

Maayos ding napamahalaan ng mga naging katuwang na kasapi ng Philippine National Police at iba pang men in uniform sa pakikipagtulungan na rin ng Provincial Health Office at Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office at City Disaster Risk Reduction and Management Office ang kaayusan at pagpapanatili ng kapayapaan habang isinasagawa ang naturang concert sa Kapitolyo.

Naging pangkalahatang tagapamahala naman nito ang Provincial Tourism Office sa pamumuno ni Provincial Tourism Officer Dhon Calda. (PIO Calapan)








For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361

## SURVIVAL AND RECOVERY (SURE) ASSISTANCE PROGRAM PARA SA MGA MANGINGISDANG CALAPEÑO

Upang tuluyang makabangon ang sektor ng mga mangingisda na lubhang naapektuhan ng Oil Spill Crisis, ipinagkaloob ng Department of Agriculture 0 Agricultural Credit Policy Council (ACPC) at Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR), SAKLAW Foundation, Inc. (SFI), at ng Pamahalaang Lungsod, sa pamamagitan ng Fisheries Management Office, ang Survival and Recovery o SURE Assistance Program sa mahigit kumulang 800 mangingisdang Calapeño.

Naging posible ang pagdating ng programang ito sa lungsod dahil na rin sa maagap na pakikipag-ugnayan ni Mayor Marilou Flores-Morillo at ni Mr. Robin Clement Villas ng FMO, sa Department of Agriculture. Gayundin, agad na inilahad ng FMO sa mga mangingisda ang SURE Assistance Program.

Matapos ang mahabang deliberasyon, ika-9 hanggang ika-10 ng Nobyembre ay isasagawa ang pamamahagi ng loan assistance na nagkakahalagang PHP 20,000 sa mga mangingisda at fish vendors na nakapagsumite ng business proposals at sumailalim sa pagsusuri ng FMO, DA-ACPC at BFAR, at SFI.

Inaasahan na ang ipapahiram na pondo ay gagamitin ng mga mangingisda para sa kanilang mga produktibong gawain at ibabalik sa pamahalaan sa loob ng tatlong taon — kada anim na buwan nang walang interes o kolateral.

Para sa mga mangingisda, ito ay malaking bagay na upang muling mabalik ang sigla ng kanilang hanapbuhay — ilan sa mga plano nila ay ang pagbili ng mas maayos na lambat, supply ng feeds para sa palaisdaan, pagpaparami ng isda, at pagsisimula ng iba pang pagkakakitaan.

Naroon naman sa programa sina City Councilor Atty. Jel Magsuci, Mr. Robin Clement Villas ng FMO, Mercilyn V. Rebnan – BFAR Marketing Unit OIC, Nestor C. Salvacion, MPA – SFI CEO/President, Filipina P. Badilla – Fisheries Credit Facilitation Unit Focal Person, Trisha Marie L. Bagadia – DA ACPC OrMin Focal Person, Marvin Balgoma – SFI Chief Operations Officer, at Giblerto P. Flores – SFI Special Project Coordinator (Thea Marie J. Villadolid/CIO).




## CALAPAN CITY CAPITALS, NASUNGKIT ANG UNANG PWESTO SA GOVERNOR'S CUP: 25 & UNDER INTERTOWN BASKETBALL TOURNAMENT 2023

MAHABA ang pinagdaanan subalit hindi bumitiw sa kanilang pangarap na makapagbigay ng karangalan para sa Lungsod ng Calapan.

Sa elimination round hanggang sa semi-finals ay pinataob ng Calapan City Capitals ang matitibay na mga koponan mula sa buong lalawigan.

Hanggang sa umabot sa finals, na kung saan ay nakaharap ng Team Calapan ang 'undefeated team' mula sa Bayan ng Mansalay, ginanap sa Sentrong Pangkabataan Sports Complex, Barangay Sapul, Calapan City, Nobyembre 14, 2023.

Sa unang arangkada ay ipinakita agad ni Andre Maulion ang kanyang shooting power nang kumamada ng siyam (9) na puntos sa first quarter na tinulungan pa ng dalawa sa kanyang team mates na sina Piolo Dalisay at Nico Rocio para sa 10 puntos na kalamangan.

Subalit hindi papayag ang Team Mansalay na mapagiwanan sila, kung kaya umatake ang dalawa sa highest pointer nito na sina Rexan Villan at Erlan Salibio hanggang sa maibaba sa dalawang (2) puntos na kalamangan sa pagtatapos ng unang kwarter, ang iskor ay 28-30 para sa Team Capitals.

Dikdikan ang laban sa pagpasok ng second kwarter, bawat bitiw ng bola ay sinisigurong pasok at walang mintis, nagtapos ang second quarter na tabla ang iskor, 45-45.

Naging kalbaryo naman para sa Team Calapan ang umpisa ng third quarter dahil sa 12-0 run ng Mansalay, kitang-kita na hirap silang mapigil ang opensa ng kalaban. Naitala ang dose (12) puntos na kalamangan ng Team Mansalay sa nalalabing pitong minuto ng ikatlong kwarter. Pero nanatili pa rin ang pusong-mandirigma ng Capitals, gamit ang kanilang sumasagitsit na 'fast break' ay nabawian nito ang katunggali hanggang sa maibaba na lamang sa tatlong puntos ang lamang ng Team Mansalay, 70-67 sa dulo ng ikatlong kwarter.

Sa final quarter ay muling pumutok ang ang matinding opensa ng Team Mansalay gamit ang kanilang mga tirador na sina Rexan Villan, Erlan Salibio at Clark Dionisio ay natambakan ng dose (12) puntos ang Team Calapan, 80-72.

Sa kabila nito ay nanatiling mataas pa rin ang moral ng koponan ng Calapan, ibinuhos ang buong lakas at diskarte sa play strategy sa pangunguna ni Head Coach Marvin Rocio, resulta nito ay naitabla nila ang iskor sa 81 all sa nalalabing apat na minuto ng final quarter.

Hanggang sa dulo ay hindi bumitiw ang Capitals sa pangarap na masungkit ang kampyonato, subalit sadyang hindi umayon sa kanila ang pagkakataon. Sunud-sunod na sablay na tira, lost ball at ball possession na pabor sa kalaban, at sa last 2-minutes ay angat ng anim na puntos ang kalaban.

Habang nagpatuloy ang swerte ng Team Mansalay hanggang sa tuluyan nilang biguin ang kanilang kalaban na masungkit ang inaasam na titulo, nagtapos ang mainit na sagupaan sa final score na 97-88, Champion ang Team Mansalay.

Sila ang nakapag-uwi ng 1 milyong piso (P1,000,000) na premyo at sa kanila rin mapupunta ang Sports Complex Project mula sa Kapitolyo na nagkakahalaga ng 8 milyong piso (P8,000,000).

Tinanghal na 1st placer ang Team Calapan Capitals na may P200,000, 2nd placer ang Team Naujan na may P150,000, at 3rd placer ang Pinamalayaan na may P100,000,

Kabilang sa Mythical Five sina: Mark Lowie Esteron - Naujan, Jonas Catayas - Pinamalayan, Andre Maulion - Calapan, Erlan Salibio - Mansalay, Rexan Villan - Mansalay

Sila ay pawang nakatanggap ng tig-tatatlong libong piso (P3,000).

Samantala, kinilala bilang Most Valuabol Player ng torneyo si Erlan Salibio mula sa Mansalay na may premyong P30,000. Hindi man pinalad ang koponan ng Lungsod ng Calapan subalit naroon pa rin ang paghanga ni City Mayor Malou Flores-Morillo sa husay at talento ng mga Kabataang Calapeño. Pinanood ni Mayor Malou ang championship game upang ipakita ang kanyang pagsuporta sa mga pambato ng Calapan.

Kaugnay nito, patuloy niyang hinihikayat ang mga kabataan na huwag sumuko sa pangarap dahil ang Pamahalaang Lungsod aniya ay laging nakahandang tumulong upang mapalakas ang sports sa Calapan City (Junard Acapulco/CIO).



THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 3 No. 01 Nov. 13, 2023 - Nov. 19, 2023

MSP GAS
RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# GAYETA, TINANGHAL NA MISS ORIENTAL MINDORO TOURISM 2023



HINDI NAGPAHULI ang Lungsod ng Calapan! Hinirang na Miss Oriental Mindoro Tourism ang pambato ng Lungsod ng Calapan na siBb.Jazryl Gayeta sa katatapos lamang na Miss Oriental Mindoro 2023 nitong ika-14 ng Nobyembre sa Bulwagang Panlalawigan.

Nagpakita naman ng suporta at personal na dumalo sa paligsahan si City Mayor Marilou Flores-Morillo kasama ang iba pang mga Municipal Mayors, at Vice Mayors.

Sa unang Question and Answer Portion, nakuha ni Gayeta ang katanungan tungkol sa kung paano niya tinutugunan ang mga expectations ng ibang tao. Aniya, nananatili lamang siyang mabuti at totoo sa kaniyang sarili. Binigyang-diin din niya na hindi ibang tao ang magtatakda sa kung ano o sino ka. Samantala, sa Final Question and Answer Portion, itinanong sa Top 5 Candidates kung ano ang kanilang maibabahagi sa kapayapaan at pagkakaisa, at para kay Gayeta, *"As a beauty queen and a young woman, I believe I have the voice and that voice is amplified by the power to remind people that in a rapidly changing and devising world, peace is always possible. Peace is what would made our world rooted in love, altruism, and understanding…"*

Dahil sa kaniyang ipinakitang galing at talino, nakuha kaagad ni Gayeta ang titulong Ms. Oriental Mindoro Tourism. Maliban dito, nakamit din niya ang Ms. Photogenic Award at Ikalwang Pwesto (2nd Place) sa Tourism Video Competition.

Ang Miss Oriental Mindoro 2023 ay isa sa pinakainaabangang paligsahan sa lalawigan at ito din ay bahagi ng pagdiriwang ng Fiesta MAHAL TANA na muling pinangunahan at pinagkaabalahan ng First Lady ng Lalawigan ng Oriental Mindor at President ng Miss Oriental Mindoro Charities Inc. na si Madam Hiyas Dolor, Governor Humerlito "Bonz" Dolor, at Vice Governor Ejay Falcon (Thea Marie J. Villadolid/CIO).



